Instabright
International Journal of Multidisciplinary Research

RESEARCH ARTICLE

OPEN ACCESS

ARTICLE INFO

***Received:***
*February 26, 2021*
***Revised:***
*April 29, 2021*
***Published Online***
*June 30, 2021*

KEYWORDS

Salawikaing Tausug

Pagsusuring Pangnilalaman

Balyu Analisis

Pangongolekta ng Salawikain

Masiningna Pagpapahayag

# Pangongolekta, Pagsusuring Pangnilalaman at Balyu Analisis ng mga Salawikaing Tausug

NUR-IN ISMAEL – ALIH
*Mindanao State University- Sulu, Jolo, Sulu.*

**Corresponding Author Email: nurinalih29@gmail.com*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makolekta ang mga piling salawikain ng mga Tausug para sa pagpaparami ng koleksyon nito at para sa preserbasyon ng lokal na panitikan. Sinisikap na matugunan ng mananaliksik ang mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang mga natatanging piling salawikaing Tausug ang karapat – dapat na kolektahin at suriin?
2. Ano ang kahulugan ng bawat salawikaing makokolekta?
3. Anong mga moral na balyu ang masasalamin sa salawikaing Tausug?
4. May kaugnayan ba ang salawikain sa masining na pagpapahayag pasulat man o pasalita?

Ginamit ang descriptive – qualitative bilang disenyo ng pag –aaral. Ang respondate ay mga may – edad na Tausug na nagmula sa bayan ng Jolo at Parang, Sulu. Ginamit naman ang purposive sampling sa pagpili ng 150 respondante. Interview Schedule, key informants at social triangulation method ang ginamit bilang instrument ng pag – aaral. Ginamit din ang tseklist kwestyoneyr bilang gabay na tanong sa pakikinayam sa mga respondante para malikom ang kapaki – pakinabang na datos ng pag –aaral.
Ginamit naman ang frequency distribution at porsyento sa pagkuha ng bilang ng mga respondante na sumagot ng mga angkop na kahulugan at moral na balyu ng mga salawikain. Sa pamamagitan ng ranko, makikita kung anong angkop na kahuligan ng salawikain ang ibinigay ng mga respondante.
Batay sa nakalap na impormasyon, ang mga salawikaing ito ay ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyang panahon kaya hindi pa ito tuluyang nawawala. Kinahihiligang gamitin ang mga salawikain ito dahil nakatutulong ito sa mabisa at kaakit – akit na pagpapahayag.
Ang magagandang kahulugan ng mga salawikain ay nagbibigay aral at paalaala sa mga kabataan. Nakahuhubog ito ng magandang asal at kapakipakinabang gamitin sa pagtuturo ng komunikasyon at retorika upang ang kasanayang mabisa at kaakit – akit na pagpapahayag ay mahasa. Higit na mainam kung ang mga makolektang salawikain ay maisalin sa wikang Filipino at Ingles.
Napatunayan sa pag –aaral na ito ang mga Tausug ay may maipagmamalaking sariling Panitikan din gaya ng mga ibang etnikong grupo. Mahalagang maiambag sa pambansang literatura ang mga nakolektang salawikaing Tausug upang makilala ang kanilang kultura at pagkatao nang lubusan silang maunawaan. Ayon kay Soledad Reyes, sa panitikan nasasalamin ang kultura at sa kultura nasasalamin ang pagkatao ng isang tao.

## TEST PAPER I: PANIMULA

Ang panitikan ay tala ng karanasan ng tao. Ang karanasan ng tao ay binubuo ng kanyang iniisip at nadarama. Anuman ang kanyang ninanais, minimithi at pinapangarap, naitatala niya ito sa kahali-halinang pananalita at kaakit-akit na pagpapahayag. Sa pamamagitan ng pagtatala ng kanyang mga karanasan, natututo siyang magtiis sa gitna ng kahirapan, sa laot ng pagkabigo at ngumiti sa harap ng kasawiang-palad, at patuloy na makahabol sa agos ng buhay. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga akdang natatatakan ng mayaman kultura at tradisyon at nagtataglay ng isang marangal na kaisipan, nahuhulma ang kanyang pagkatao para maging isang mabuting mamamayan.

Ayon kay Gonsang sa kanyang Master theses, ang panitikan ang nagsisilbing patunay sa kultura at kalinangan ng ating mga ninuno. Ito ang lakas na nagpapakilos sa alinmang uri ng lipunan sapagkat malaki ang naiaambag nito sa kultura at kabihasnan ng alinmang bansa. Hinuhubog sa panitikan ang kagandahan ng kultura at tradisyon ng bawat lipunan. Ang panitikan ay nagsisilbing ilaw na walang kamatayang tumatanglaw sa kabihasnan ng tao. Nasasalamin dito ang simulain, layunin, kaisipan, pag-asa, hinaing, guni-guni at mga pangarap ng tao.

May kaakibat na kahalagahan ang panitikan para sa mga tao. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao upang makapagplano sa sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging mkatao. Maaaring mawala o maubos ang kayamanan ng isang tao at maging ang kanyang pagiging mkabayan subalit sinasabi, ang panitikan ay salamin ng buhay na dito makikita ang kaugalian, paniniwala at kinagisnan ng mga tao sa isang lugar. Nagbibigay din ito ng aral sa pang-araw-araw na buhay.Kung mapapansin natin, marami na sa mga kabataan ang medyo nakalimot sa ilang magagandang katangian na naging parte na ng ating kultura.At sinasabing masasalamin sa panitikan ang mga kulturang nakalimutan na ng ilan sa ating kababayan.

Mayaman ang Pilipinas kung panitikan ang pag-uusapan. Marami man ang nasusulat maasahan mong mas marami pa ang nakatago at nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao sa kasalukuyan.Patuloy itong nagpasalin-salin hanggang sa kasalukuyan, ayon nga ka F.Hornedo ( 1994: 61):

> "*Today, oral literature remains a living tradition because it has survived through centuries of encounters with alien cultures among various cultural communities*"

Patunay lamang maging sa kasalukuyan patuloy pa ring nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao ang oral na literatura. Mahalagang makolekta ang mga ito upang kahit papaano maipakita at malaman ng mga Pilipino lalo na ng kabataan na mayroon tayong tradisyon, kultura at paniniwala na unti-unti ng nakakalimutan kung hindi ito mapagtuunan ng pansin.

Kaya mahalagang malikom ito upang maisulat at mabasa ng ating kabataan. Pinatunayan ito ni Hornedo( 1994:61) sa kanyang isinulat na sanaysay hinggil sa kasaysayan ng tradisyon etniko kung saan binigyang halaga niya ang kahalagahan ng foklor,

> *In the present search for a Filipino national cultural identity, the importance of folklore cannot be over-estimated. Oral literary tradition lies at the deepest layer of the national culture; it is the Filipino's recourse in times of greatest joy and deepest sorrow, the spring from which flows the national consciousness.*

Malinaw na napakahalagang hukayin ang matatandang paniniwala sa tulong ng panitikan.Sabi nga ni (Aquino, 2001):

> "*Literature whether creative or ethnic, traditional or contemporary- helps man to nourish his humanity. Literature educates and refines man's feelings and sensibilities; it elevates man's moral standards.*

Hindi matatawaran ang impluwensya ng panitikan sa buhay ng tao, pwede itong makapagbabago sa buhay natin. Maari tayong makakuha ng magandang kaugalian dito. Marami sa mga ito ay nagpasalin-salin lamang sa bibig ng mga tao.

Sa pag-aaral ng panitikan, mahalagang linangin ang panitikan ng ibat' ibang lugar. Tulad ng ibang lugar ang panitikan ng Tausug o ang panitikan ng Sulu ay napakayaman at binubuo ng iba't ibang akda. Ang pag-aaral ng ating sariling panitikan katulad ng panitikan ng Tausug ay napakahalaga. Sa pamamagitan nito ay malalaman, madarama at masusumpungan natin kung paano nag-ugat at namuhay ang ating mga ninuno. Ang panitikan ay nagsisilbing tulay para makita at mabatid natin ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan upang sa ganoon maharap natin ang darating nang may lakas at talino.

Para lubos na maunawaan ang panitikang Tausug, nakatuon ang pag-aaral na ito sa panitikan ng Sulu, partikular na sa salawikaing Tausug. Ang salawikain ay isang uri ng karunungang-bayan na nagtataglay ng kaalaman hango sa matatanda, nagbibigay ng mabuting payo tungkol sa kagandahang-asal at mga paalala tungkol sa batas ng kaugalian at karaniwang patalinghaga ang pahayag.

Ayon kay Almario, ang salawikain ay magsisilbing tagapangalaga ng mayamang tradisyon. Makakukuha tayo rito ng mga payo tungkol sa ating pakikipagrelasyon sa ibang tao. Magsisilbi rin itong inspirasyon sa ating buhay upang makayanan natin ang lahat ng pagsubok at karahasan sa buhay.Ang salawikain ay nagsisilbing larawang magtuturo sa atin o magsasabi sa atin ng katotohanang hindi dapat pagdudahan. Ang salitang ginagamit dito ay matatalinghaga at makahulugan. Karaniwan nang inihahalintulad ang tao sa isang bagay upang mailarawan ang aral na nais iparating. Hindi makukuha ang ibig sabihin nito sa pamamagitan ng pagkuha ng kahulugan ng bawat salitang bumubuo rito. Kailangan ay tingnan ang mas malalim na kahulugan nito.

Ang salawikain ay nauuri sa pasalita o pasalin-dilang panitikan dahil nagpasalin-salin lamang sa bibig ng mga matatanda at walang mkapagsasabi kung saan ito nagsimula. Nagtuturo ito ng aral at nagsisilbing gabay sa pagtuturo ng kagandahang-asal. Nagtataglay ito ng malalim na pahiwatig at nangangailangan ng talas ng isipan para mabatid ang mensahe o kahulugan nakakubli sa likod ng mga salita. Ang salawikaing Tausug ay ginagamit ng mga tao sa pang-araw-araw na interaksyon at nagsisilbing palamuti sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag at pamamahayag. Ginagamit din kung ninanais ikubli ang tuwirang kahulugan ng mga masasakit na salita para hindi tuwirang masaktan ang damdamin ng ibang tao.

Kung susuriin ang salawikain ay napakayaman sa mga aral at payo na maaaring maging gabay ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon. Ngunit dahilsa kakulangan ng mananaliksik tungkol dito, ang mga salawikain ay kulang ang naitatala at hindi gaanong napag-aaralan. Ayon pa nga kay Damiana sa kanyang aklat Philippine Proveb Lore.

> *Though proverbs play an important role in Philippine life, they have not been studies adequately, and to date no standard collection of national proverbs has been published, that's why proverbs study has been encouraged in*

*universities and this has resulted in several master's theses on the proverbs of the different language group in the Philippines.*

Mayaman ang mga Tausug pagdating sa panitikan lalong-lalo na sa salawikain ngunit ang kayamanang ito ay naghihintay lamang ng mga tao na matiyagang magpreserba. Ang mga matatandang nakakaalam dito ay unti-unti ng lumilisan sa mundo kaya nararapat na habang may panahaon pa kolektahin ito. Kahit ang mga may- edad na ay marami pa rin ang kulang ang kaalaman pagdating sa salawikaing Tausug. Paano pa kaya ang mga kabataang sa kasalukuyang panahon na wala nang pakialam sa sariling panitikan?

Kung magpatuloy ang ganitong gawain sa larangan ng panitikan, patuloy na mawawala at hindi na mapapakinabangan ang sariling panitikan. Baka sa susunod na henerasyon, wala ng bakas ng sariling panitikan bagkus ang tinatangkilik natin at pinagayayayaman ay ang panitikan ng iba. Kapag mangyari ito, mapag-iiwanan na ang sarili nating panitikan habang patuloy na umuusbong ang panitikan at maging kawawa ang susunod na henerasyon na hindi mabigyan ng pagkakataon damhin ang sarili nilang panitikan.

Bilang isang Tausug, napakahalaga ang pag-aaral ng salawikain bilang simbolo ng yaman ng sarili nating panitikan. Pinag-aaralan at kinolekta ito ng mananaliksik para may mapag-aralan ang susunod pang henerasyon at may mapagbatayan ang kasunod pang mga pag-aaral. Sa pamamagitan din pangongolekta na ito, maitatala ang mga salawikaing Tausug at mabigyan ng pagkakataong makabasa ang mga taga-ibang lugar, nang sa ganun mabatid nila ang yaman ng ating panitikan. At maikintal sa isipan ng iba pang rehiyon ang kalinangan ng mga Tausug at magiging modelo ng salinlahi sa buong Pilipinas.

Inaasahan ng mananaliksik pagkatapos mabasa ang pag-aaral na ito, magkaroon ang mambabasa nang malalim na pang-unawa at pagpapahalaga sa sarili nilang panitikan.

### Paglalahad ng Suliranin

1. Ano ang mga natatangi at piling mga salawikaing Tausug ang karapat-dapat na pag-aralan at kolektahin?
2. Ano ang kahulugan ng bawat salawikaing makokolekta?
3. Anong mga moral nabalyu ang masasalamin sa salawikaing Tausug?
4. May kaugnayan ba ang salawikain sa masining na pagpapahayag pasulat man at pasalita?

### Layunin ng pag-aaral

1. Ang pag-aaral na ito ay inaasahang malilikom at masusuri ang mga natatangi at mga piling salawikain ng mga Tausug.
2. Matukoy ang kahulugan ng bawat salawikain kasama na ang moral na balyu nito.
3. Masuri kung ano ang relasyon ng salawikain sa masining na pagsulat at pagsasalita.
4. Hinahangad ng mananaliksik na matukoy kung ano ang kaugnayan ng salawikain sa pamumuhay ng mga Tausug lalong-lao na sa pangangaral at pagmamatuwid sa mga kabataan tungo sa kagandahang-asal at wastong pag-uugali.

### Balangkas Konseptwal




Makikita sa dayagram ang daloy ng pag-aaral, na kung saan ang pokus nito ay ang salawikaing Tausug na nakalahad sa unang tsart. Konektado ng aro ang unang tsart tungo sa ikalawang tsart na ang ibig sabihin ang pagsusuri ng kahulugan nito at balyu analisis ay nakabatay sa makokolektang salawikaing Tausug. Nasa hulihang tsart naman ang bunga ng pag-aaral, ito ay kahulugan ng salawikain at moral na balyu.

### Balangkas Teoritikal

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa pananaw *that Philippines has a rich store of proverbs which combine with native lore of different tribe. But they must be brought together in collection, for the richness of proverbs collection becomes evident only when the proverbs of different language groups are brought together and viewed as a whole. (Collection of Philippine Proverbs, Damiana Eugenio)*

Napatunayan sa pag-aaral ni Eugenio sa kanyang aklat Philippine Proverb Lore ang lawak ng salawikaing taglay ng bawat tribo ng mga Pilipino sa buong Pilipinas. At mapepreserba lamang ang mga yaman na ito kapag may matiyagang mananaliksik na magkaroon ng interes sa pangongolekta.

Ang mga Pilipino ay hitik sa mga salawikain na napakagandang bigkasin at nagtataglay ng magandang kahulugan na sa madaling turing ay hindi kaagad natin mahuhulaan ang tunay na ibig sabihin.Ito ay bahagi ng ating kultura at sa pamamagitan ng salawikain masasalamin ang kulturang niyayakap ng particular n grupo ng mga tao. At dahil sa ito'y kasama sa mga pamana ng ating mga naunang salinlahi,makatarungan lamang na muli nating balikan ang lumipas na panahon upang gunitain ang kahalagahan ng mga salawikaing ito na siyang naging bakas ng ating mga ninuno sa kultura ng ating lugar

Malaki ang impluwensya ng salawikain sa kultura dahil sa bisa nito sa pagpapahiwatig ng pakikipagkapwa tao, sa ugnayan ng tao sa diyos, sa pagbibigay galang at puri sa mga magulang at pamumuhay.

### Asamsyon

Ang mga sumusunod ay inaasahang bunga ng pag-aaral:

1. Ang mga Tausug ay mayaman sa alawikain na karapat –dapat na kolektahin at suriin.
2. Ang bawat salawikain ay nagtataglay ng mayamang aral at balyu.
3. Ang mga salawikain ay nakapagpapaganda ng pananalita.

### Kahalagahan ng Pag-aaral

1. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga guro na nagtuturo ng panitikan bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo.
2. Magamit bilang batayan ng mga kasunod pang pag-aaral.
3. Masasalamin ng ibang lahi ang kabang-yaman ng panitika ng mga Tausug na natatatakan ng mayamang kultura.
4. Magsisilbing bilang koleksyon at preserbasyob para sa susunod na henerasyon.

### Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa pangongolekta, pagsusuring pangnilalaman at balyu analisis ng mga salawikaing Tausug. Layunin nitong makolekta ang mga piling salawikain ng mga Tausug para sa preserbasyon nito

Sa pagsusuri ng mga salawikain, sinusuri kung ano ang kahulugan nito kasama na ang moral na balyu na tinataglay ng bawat salawikain. Hindi saklaw ang pagsusuri ibang balyu katulad ng sosyal, ispiritwal, metal, pisikal at iba pang balyu.

Ang pagsusuri ay nakatuun lamang sa kahulugan ng mga salawikain at hindi kasali ang pagsusuring panggramatika o ang istruktura ng salawikain. Mula sa interpretasyon, huhugutin ang balyu analisis na sumasalamin sa magandang kaugalian ng mga Tausug noong unang panahon at maaaging maging huwaran ng katanggap-tanggap na pag-uugali ng mga kabataan a kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

Ang pag-aaral ay limitado lamang sa grupo ng mga Tausug na may malawak na kaalaman sa salawikain. Ang respondante ay mga may – edad na Tausug nakatira sa bayan ng Jolo at Parang na may malawak na kaalaman tungkol sa salawikaing Tausug. Bawat kahulugan ng salawikain na mahirap maunawaan ng mananaliksik ay inalam niya sa kanyang mga respondante.

Ginamit ang pakikipanayam o interbyu bilang instrument sa pangongolekta ng mga datos. Bawat salawikain ay sinusuri at hinuhugot ang balyu para sa presentasyon ng mga datos. Ang desinyo ng pananaliksik ay deskriptivo paglalarawan. Inilalarawan ang kahulugan ng mga salawikain, kasama na ang balyu mahuhugot mula dito.

### Kahulugan ng mga Terminolohiya

**Balyu Analisis** – pagsusuri sa mga aral, payo at karunungan mula sa nakolektang mga salawikain.

**Kagandahang –asal** – tumutukoy sa katanggap-tanggap at wastong pag-uugali. Ito ay huhugutin sa mga nakolektang salawikain.

**Kultura** – ang kabuuan ng pamumuhay, tradisyon, wika, relihiyon, kaugalian at panitikan ng isang lahi. Masasalamin ito sa interpretasyon ng nakolektang salawikain.

**Moral balyu**- mga batayan ng kagandahang asal at wastong pag-uugali

**Pagsusuring pangnilalaman** – ay proseso ng pagkuha o paghugot ng mga kahulugan ng salawikain. Hindi kasama sa pagsusuri ang istruktura nito o pagsusuring pang-instruktura.

**Panitikan** – ang panitikan gaya ng wika ay hindi lamang lundayan at tagapagpahalaga ng kultura kundi ito ay kuhanan-impukan ng alinmang kultura. Ito ay nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdamin.

**Pasalindila o Pasalitang Panitikan** – uri ng panitikan na nagpasalin –salin sa bibig ng mga tao. Ito ay itinuturing na unang anyo ng panitikan na lumaganap sa panahong hindi pa gaanong nagagamit ang sistema ng pagsulat dahil sa kakulangan sa kagamitan.

**Patalinhagang Pahayag** –tawag sa mga parirala na ang kahulugan ay nakakubli sa likod nito at nangangailangan ng masusing pagsusuri bago matukoy ang kahulugan nito.

**Salawikaing Tausug** – ang binibigyan-diin sa pag-aaral. Ito ay mga maiiksing pangungusap na lubhang makahulugan at naglalayong magbigay patnubay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Naglalaman ito ng mga karunungan.

**Tausug** – ay tribo o pangkat ng mga tao na naninirahan sa lugar ng Sulu na nasa Timog bahagi ng Pilipinas at ito ang nagsisilbing respondante ng pag-aaral.

## TSAPTER II: MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pag-aaral na naglalahad ng konkretong katibayan na naging gabay ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral. Dito din makikita ang iba't ibang pag-aaral na naisagawa na hinggil sa pag-aaral ng mga ibat' ibang katutubong panitikan sa lokal man at pambansa.

### Mga Kaugnay na Literatura

Ang salawikain ay tradisyunal na pahayag ginagamit batay sa katutubong kalinangan at pilosopiya sa buhay (Adamson University Journal). Ito'y hango sa karanasan ng mga matatanda at nagsisilbing bukal na mapagkukunan ng magagandang-aral sa buhay kaya tinatawag din ito karunungang bayan. Naipapahayag dito ang mga katutubong kaugalian, tradisyon at gawain, kalinisang budhi at nailalarawan din ang kanilang pamumuhay at patakarang makulay na umuiiral, gayundin ang kanilang paniniwala at kaisipan. Ito ang nagsisilbing batas ng kagandahang-asal at wastong pag-uugali.

Ang salawikain ay ang unang anyo ng tula na nagtataglay ng karaniwang talinghaga at kalimitan ay may sukat at tugma (Gener, Teodoro E.). Sumilang ang salawikain kaalinsabay ng bugtong, kasabihan, kawikaan , bulong at iba pang unang anyo ng pasalin-dilang panitikan. Hinulma ang mga ito sa karanasan ng mga matatanda at walang pormal na istrukturang sinusunod. Matalinghaga ang pagpapahayag ng salawikain at kailangan ng mapanuring pag-iisip bago matukoy ang mga mensaheng nakakubli sa likod ng mga salita o parirala. Ayon kay Eugenio, Damiana L., sa kanyang aklat Philippine Folk Literature: The Proverbs (2002), ang mga matalinhagang pahayag ay nagtataglay ng maraming kahulugan, depende sa talas ng pag-iisip ng sumusuri. Ang malalim na pahiwatig taglay ng salawikain o ang maligoy na paraan ng pagsasabi ay upang ikubli ang ibig sabihin ng nagsasalita para hindi tuwirang makasaktan ng damdamin ng iba. Isang halimbawa nito ang katagang: "Bato-bato sa langit, pag tinamaan huwag magagalit." Sumasalamin ito ng pagkamaalalahanin ng mga tao sa kanyang kapwa.

Maliban sa matalinghagang pagpapahayag ng salawikain, marami rin salawikain ang tuwirang nakalahad ang mga mensahe sa mga salita at parirala

Kung ang "bugtong," ani Virgilio S. Almario, ay may iisang sagot, kabaligtaran naman ang "salawikain" dahil ang sagot o pahiwatig nito ay maaaring magsanga-sanga, at hindi matutuklasan sa iisang antas lamang. Bukod sa nabanggit, ang salawikain ay isa ring tula, dahil binubuo ito ng sukat at tugma sa ilang pagkakataon, gaya ng "May tainga ang lupà/ may pakpak ang balità" (na pipituhin ang pantig bawat taludtod at may pandulong tugmang tudlikan) at naglalaman ng pambihirang talinghagang matalik sa puso ng taumbayan.

Ang halina ng salawikain ay nasa masining na pagkasangkapan ng mga hulagway (i.e., imahen) sa paligid at siyang batid ng taumbayan. Iniuugnay ang nasabing hulagway sa isang diwain, at ang kombinasyon ng mga diwain, sa pamamagitan man ng paghahambing, pagtatambis, at pagtitimbang, ay nagbubunga ng isa pang bukod na diwaing ikagigitla ng makaririnig. Sa unang malas ay payak ang ipinahihiwatig ng salawikain. Ngunit kung nanamnamin iyon ay mababatid ang lalim ng kaisipang dapat pagbulayan ng sinumang tao na pinatatamaan.

Nabubuo ang salawikain sa isip ng madla na pinagbubuklod ng iisang diskurso, ngunit ang isang bihasang makata ang posibleng nagsakataga ng niloloob ng nasabing madla. Habang tumatagal, pinayayaman ng madla ang pakahulugan at pahiwatig ng salawikain; isinasalin nang pabigkas mula sa isang salinlahi tungo sa bagong salinlahi, kaya ang salawikain ay hindi na lamang pag-aari ng isang tao bagkus ng sambayanan. Sa paglipas ng panahon, nakakargahan ng iba't ibang pahiwatig ang salawikain alinsunod sa paggamit o pagsagap dito ng taumbayang nagkakaroon ng iba't ibang karanasan at kabatiran.

Nailalarawan din ang salawikain bilang palamuti sa wika. Nagagawang maging masining at kaakit-akit ang pagpapahayag sa pagsulat man at maging sa pagsasalita dahil sa paggamit ng salawikain. Nasasanay din sa pagpapakahulugan ng mga salita at parirala ang taong gumagamit at nagpapayaman ng bukabularyo. Ayon nga kay Erasmus,

> *The specific ways in which proverbs are valuable to students and writers who wish to develope graceful and effective style; to add ornament and gracefulness in speech in writing and to strengthen argument*.

Ang salawikain ay nagpapatibay din ng katutubong kayamanan ng wika at diwang Filipino (Lope K. Santos). Ang salawikain ay hindi lamang nagsisilbing palamuti sa wika ngunit nagtataglay din ito ng mga maririkit na salita na nagtataglay ng malalim na kahulugan, kung saan ang mas nakakaalam ay ang taal na gumagamit ng salawikain. Nagiging hitik din sa kariktan ang bawat pahayag dahil sa kagandahan ng paghulma ng bawat salawikain. Nagiging daan ito upang mapayabong ang bawat wika na nagtataglay ng mayamang salawikain.

Nilalarawan ang salawikain nagmumula sa Pilipinas bilang makapangyarihan at makatang pagpapadama at payak na anyo ng mga pahiwatig. Kapag ginamit sa pang-araw-araw na pag-uusap, gumaganap ang mga salawikain bilang mga pagbibigay - diin sa isang punto o isang kaisipan ng paliwanag o dahilan: ang Pilosopiyang Pilipino. Isang tanyag na katutubong salawikaing Pilipino ang mga katagang:*Ang taong hindi marunong umalala o lumingon sa kaniyang pinanggalingan ay hindi makakarating sa kaniyang paroroonan.* Isa itong salawikaing Tagalog na naglalahad at humihikayat sa isang tao upang bigyan ng pagpapahalaga ang muling pagtanaw sa kaniyang pinagmulan at pinag-ugatan. Ipinababatid din ng kasabihang ito ang isang pagpapahalagang Pilipinong tinatawag na *utang na loob*, ang pagbibigay ng angkop na pahalaga at pagtingin sa mga taong nakatulong sa isang tao para magtagumpay sa buhay o adhikain.

Bilang isa sa mga unang anyo ng tula, nauuuri ang salawikain sa karunungang-bayan dahil napapatalas ito ng isipan upang mag-isip at bigyang kahulugan ang mahalagang kaisipang nakapaloob dit o ang mga salitang inilalarawan nito( Pagkalinawan, Leticia,

et al, 2006).Ang salawikain ay nagtataglay nang di matatawarang aral.

Katulad ng pagtalikod ni Abadilla sa tugmaan at pantigan sa larangan ng panulaan, marami rin mga salawikain ang walang sukat at tugma. Ang mahalaga ay ang talinghaga tinataglay ng salawikain dahil ito ang instrumentong ginagamit para lalong gumanda at maging kaakit-akit ang pagpapahayag.

Ang kakulangan sa pagsasatitik ay hindi nagiging hadlang sa ating mga ninuno upang ipreserba ang mga panitikan sa susunod na salinlahi ( Wikipedia, Free Encyclopedia). Kahit kulang sa pagsasatitik ang ating mga ninuno, ginamit nila ang kanilang talino at naghanap ng paraan para mapagyaman ang ating sariling panitikan. Nakatuklas sila ng isang paraan para mapayaman at mapayabong ang unang bungang-isip sa pamamgitan ng pagsasalin-salin sa bibig mula isang henerasyon patungo sa isang henerasyon. Ito ang pinagmulan ng pasalita o pasalin-dilang panitikan. Sa pamamagitan nito mababakas ang yaman ng ating sariling panitikan. Pinagkaitan man tayo ng panahon sa kasangkapan ng panulat, pinatunayan ng ating mga ninuno ang kanilang pagiging malikhain sa pagpreserba at paghahanda sa susunod na henerasyon. Sana kanilang puso't damdamin ang pag-asa na mapayaman ng mga kabataan sa sususnod pang henerasyon ang kanilang pinaghirapan sa pinagsikapang pagpreserba ng sariling panitikan.

Ang kakulangan din sa pagsulat ang dahilan para tumalas ang pantanda at lalong sumigasig ang kanilang imahinasyon sa paghulma ng anumang akda na maiaambag nila sa kasaysayan ng panitikan (Eugenio, Damiana L.,2002).

Kulang man sa paraan ng pagsulat, ang salawikain ay madaling lumaganap dahil sa kaiklian nito at madaling ngpasalin-salin sa bibig ng mga mamamayan.

Ang salawikain ay repleksyon ng pagkahenyo ng ating mga ninuno, ayon pa kay Lamberto Ma. Gabriel. Nakapagsasaad sila ng damdamin, kaisipan, opinion, sa pamamagitan ng paggamit ng mgagandang anyo ng pananalita na puno ng buhay at hitik sa talinghaga. Pinapanday nila at hinulma ang kanilang bungang-isip at imahinasyon sa napakaganda at napakalikhaing paraan. Napapatunayan ito sa mga salawikain na kanilang nabuo kahit walang pormal na pag-aaral.

Malaki rin ang impluwensya ng salawikain sa kultura, dahil sa bisa nito sa pagpapahiwatig ng pakikipagkapwa tao, ugnayan sa diyos, pagbibigay-galang at puri sa mga magulang at sa pamumuhay.

Ang salawikain ay sangay ng panitikan na pinaniniwalaang hindi katha ninuman, ngunit karunungang nagpasalin-salin sa bibig ng mga matatanda mula pa noong unang panahon hanggang sa kasalukuyan (Lamberto Bienvenido). Pinaniniwalaan din dito sumilang ang karunungang panahon sa pagbigkas.

Isang bahagi ng kultura natin ang ating mga salawikain ( Consolacion P. Sauco). Dati, ito'y maririnig lamang sa mga matatanda bilang pangaral o paalala sa mga tao, lalo na sa mga kabataang nakalilimot sa katutubong mgagandang asal, subalit ngayon, ito' maririnig na sa radyo o telebisyon at mababasa sa mga pahayagan o nakapaskel sa iba't ibang pook, hindi lamang sa mga kabataan kundi para na sa lahat upang magpaalala sa mga nakalilimot pumatnubay at humubog sa ugali ng madla.

Ang mga salawikaing Pilipino ay kaaya-ayang pakinggan sapagkat ito'y nagsasaad ng karanasan ng isang lahi (1001 salawikain at kasabihan ni Lope K. Santos). Ang bawat pagsubok at tagumpay ay naging batayan ng ating mga ninuno sa paghulma ng mga salawikain. Binubuo ito ng kanilang karanasan na naglalarawan ng kagandahan ng ating lahi.

Maraming salawikain ang matatawag luma at matanda na ngunit maiaangkop pa rin sa halos lahat ng tao, pagkakataon at pangyayari sapagkat ang nilalaman nito hindi tumatanda at naluluma. Mapagkukunan pa rin ito ng mga magagandang-aral sa buhay. Ayon kay Rachel San Miguel, masasalamin sa salawikain ang pagiging matapat sa pakikisama, paniniwala sa kapalaran, katapangan, kasipagan, kalinisang-ugali, pagpapaumanhin, pagtitiyaga, pamimitagan, kalinisan, pagkamaalalahanin, pagmamahal sa kapwa, kalikasan at Dakilang lumikha.

Ang ating salawikain ay nanggaling sa iba't ibang pook sa Pilipinas kaya ang mga ito ay may katangiang likas at kaugnayan sa pook na pinagmulan( Lope K. Santos). Bawat lugar ay may iba-ibang salawikain na kanilang taglay at naglalaman ng mga katangian at karanasan ng bawat isa. Mababakas sa salawikain ang kulturang taglay ng mga taong nakatira sa bawat lugar.

Ang mga katutubong salawikain ay may pagkakatulad sa mga tula ng Indiya, Indonesia, Burma, at Siam (Sining-Agham sa Pagtula, Lamberto Ma. Gabriel). Nanganagahulugan na noong unang panahon ang mga bansang ito ay nagdala ng impluwensya sa panitikan ng Pilipinas.

Pinagpangkat-pangkat bi Damiana Eugenio, isang propesor sa Unibersidad ng Pilipinas at may akda ng Philippine Proverb Lore (1975), ang mga salawikaing Pilipino sa anim na kategorya ayon sa pinapaksa: ang mga salawikaing nagmumungkahi ng mga pagpapahalaga at nagtatakwil sa mga bisyo, ang sistema ng mga pagpapahalaga, ang mga salawikaing nglalahad ng mga pangkalahatang katotohanan at ang mga pagmamasid tungkol sa buhay at kalikasan ng tao, ang mga salawikaing nakatatawa at ang iba pang mga salawikain. Dito natin makikita ang iba't ibang pinapaksa ng salawikain.

Ang aklat na Philippine Folk Literature: The Proverbs (2002) ni Eugenio, ang may pinakamalawak na koleksyon ng salawikain sa buong Pilipinas ayon sa Wikipedia, Free Com. Mula sa salawikain ng Ivatan hanggang sa salawikain ng Joloano o Tausug ay matatagpuan doon. Ipinaliwanag din ni Eugenio ang mga uri ng salawikain, at nagsaad pa ng panukala ng pagbasa sa bawat pangkat. Nakasaad sa kanyang pag-aaral ang mga piling salawikain ng bawat lugar sa buong Pilipinas at at may katumbas na interpretasyon. Sa kanyang pag-aaral ipinakita niya ang iba't ibang balyu na tinataglay ng salawikain pati din ang kaugnayan nito sa bawat lugar na pinanggagalingan ng salawikain. Kasama din sa kanyang pagsusuri ang istruktura o pagsusuring panglinggwistika ng salawikain. Ang pag-aaral na ito ang nagbigay ng malaking karangalan kay Damiana sa larangan ng pagsulat. Nagbigay din ito ng malaking ambag sa larangan ng panitikang Pilipino. Sa pag-aaral na isinagawa ni Damiana nagkaroon siya ng

obserbasyon sa salawikaing Tausug,

> *Two observations may be offered as regards Muslim Filipino, represented in this study by the Tausug proverbs. The first is that while Philippine Proverb in general have affinities with those of the Malayan peoples, it is the Tausug proverbs more than those of any other Philippine Language group which show closest affinity with them because of the close linguistic and religious ties which muslim have maintain with Malaysia and Indonesia.*

Nagpapatunay ito ng nalawakang interes ng mananaliksik sa pag-aaral ng katutubong salawikain sa bawat sulok ng Pilipinas. Gayunpaman, kulang pa rin ang nakatalang katutubong salawikain dahil mas pinagtutuunan ng pansin ng mananaliksik ang pagsusuri sa pinapaksa nito kaysa ang pagpaparami ng koleksyon. Nakadagdag pa dito ang lokasyon ng lugar na nagiging hadlang sa pangongolekta ng mga salawikain.

Ang pagsusuri ay pamumuna sa isang akda, pagpapaliwanag upang maihatid ang kahalagahan ng isang akdang nababalot ng makukulay na karanasan. Ito'y humahatol sa isang likha ng sining batay sa kahalagahan ng inihandang kaisipan at sa bisa ng paghahatid ng nasabing karanasan (Luz Pico).

Ayon kay Dillague, ang pagsusuri ng salawikain, higit na kinawiwilihang suriin ang nilalaman nito kaysa istruktura. Sinusuri din ang salawikain ayon sa kung paano ito ginagamit ng mga katutubong tao nakatira sa partikular na lugar dahil naglalarawan ito ng kulturang kinagisnan ng bawat isa.

Sa pagsusuri ng salawikain, nalalaman ng manunuri ang paksa nito o nilalaman, mababakas din kung paano nabuo ang isang akda, ang buhay at buhay kaisipan ng may akda at ang panahon na saklwa nito. Sa pagsusuri din ng salawikain ang bawat salita at pananalita ay dapat maunawaan para makuha ang pinapaksa ng salawikain. Dapat mahusay din ang magpaakahulugan sa mga pahiwatig, damdamig at ang layunin at himig nito.

Sa pangongolekta ng salawikain mayroon inihayag na pamanatayan ng pamimili, ayon sa Wikifilipino.com. Libo-libo man ang salawikain sa Pilipinas, maaari pa ring mahugot sa hanay nito ang mga hiyas na hindi maluluma magpahangga ngayon. Inuri ito ng mga tagasubaybay ng *Wikifilipino* at ginamit ang ilang pamantayan. Una, ang paggamit ng talinghaga. Ikalawa, ang paggamit ng imahen o hulagway. Ikatlo, ang masining na paggamit ng sukat at tugma sa ilang pagkakataon. Ikaapat, ang paggamit ng katutubong dalumat o konseptong mula sa isang bayan o lipi. At ikalima, ang himig at tinig ng tula. Ang kombinasyon ng katutubong kasiningan at bisa nito ang pinahahalagahan sa pamimili.

## Kaugnay na Pag-aaral

Ang mga sumsusunod na pag-aaral ay may malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik.

Ilan sa mga nagkaroon ng interes ng pag-aaral ng sariling salawikain gamit ang kanilang katutubong lenggwahe ay sina Jose Batungbakal, Paul Rodriguez Versoza at Sofrono G. Caleron sa pangonglekta ng Tagalog Proverbs, Eufrocina Tinio sa kanyang master theses na Ilocano proverbs, Montserrat Villalba sa kanyang master theses na Ilongo Proverbs, Martha Alegre sa kanyang pangongolekta ng Bicol proverbs.

Si Jose Batungbakal ay ilan din sa nagkaroon ng koleksyon tungkol sa salawikain sa kanyang koleksyon na pinamagatang 101 Filipino Proverbs and Maxims, na naaprobahan ng Bureau of Education na gagamitin bilang batayan sa pagtuturo ng character education noong 1939.

Dapat pa ring kilalanin ang gaya Inigo Ed Regalado na walang sawa sa pagtitipon ng salawikain upang maiukit sa kamalayan ng sambayanan ang mga hiyas ng diwang dapat tandaan ng sinumang kabataan.

Si Cabanlong ay nagsagawa din ng pag-aaral sa local na panitikan. Ang kanyang disertasyon na pinamagatang Ang Epikong Parrang Sabil: Isang Pagsasalin at Balyu analisis ay may malaking kahawig din sa pag-aaral na ito. Binigyang pokus niya ang ang balyu ayon sa mga sumusunod na dimension: pisikal, intelektwal, moral, ispiritwal, sosyal, ekonomik, at political sa kanyang pag-aaral.

Noong 1977 ay si Tuban naman ang gumawa ng pangongolekta ng katutubong panitikan ng mga Tausug. (Cabanlong, unpublished disertasyon). Inuri nya ang kanyang pangongolekta ayon sa mga sumusunod: bugtong, salawikain, kasabihan, kwentong bayan, alamat at awiting bayan. Walang pagsusuring ginawa, nakapokus lamang ang kanyang pag-aaral sa pangongolekta.

Tinipon din at pinag-aralan ni Arcilla ang katutubong Panitikan ng Catanduanes katulad ng mga alamat, anekdota, mga karunungang bayan at iba pang katulad nito sa hangaring ipabatid sa ibang tao at sa ibat't ibang rehiyon na ang Catanduanes, bagamat isang maliit na pulo lamang sa Pilipinas ay mayroong tinatagong sariling katutubong panitikan. Sa kanyang pag-aaral na ito, napag-alamang ang katangian taglay ng Catanduanganon ay karaniwang ipinapahiwatig ng kanilang panitikan. (Gonsang, di-nalathalang tesis)

Pinag-aralan ni Rochan noong 1985 ang mga kantahing bayan ng Tausug matapos niya itong maisalin sa Ingles, (Cabanlong, di-nalathalang tesis). Sinuri niya ang mga balyu ng Tausug na nasasalamin sa kantahing bayan. Ayon sa kanilang kabuhayan, pakikisamang panlipunan at pampamilya.

Ang ilang  mga pag-aaral ay patunay lamang ng malawakang interes sa pag-aaral ng katutubong panitikan lalo-lalo na ang salawikain. Bilang isang Tausug na yumayakap nang napakayamang panitikan dapat tayo ang gagawa ng hakbang kung paano mapanatili ang mga ito tungo sa preserbasyon ng katutubong panitikan. Nasa atin ang lakas at talino para hindi ito tuluyang maglaho at hindi mapakinabangan.

## TSAPTER III: METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Napapaloob sa tsapter na ito ang mga desinyo at mga hakbang na gagamitin sa pangangalap at pag-aanalisa ng mga datos ng pag-aaral. Nakalahad din dito ang mga instrumento, proseso at pamamaraan kung paano isinagawa ang pag-aaral.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang Deskriptiv-qualitative o paglalarawang metodolohiya sa pagsasagawa ng pag-aaral. Inilarawan ang mga pagsusuri sa bawat salawikain na makokolekta kasama na ang ang kahulugan at balyu na mahuhugot mula mula sa mga salawikain.

### Instrumento

Ang istrumentong gagamitin sa pag-aaral interview schedule, key informants at social triangulation method.

Ang interview schedule ay ginamit sa pangongolekta ng mga piling salawikain saklaw na ang kahulugan nito.

Ang key informants ay gagamitin din bilang instrument sa pananaliksik na ito. Pinili ng mananaliksik ang mga awtoridad na may malawak na kaalaman sa panitikang at kulturang Tausug partikular na sa salawikain para makatulong sa pagtitipon ng mga salawikain kasama na ang kahulugan nito.

Social triangulation method naman ang ginamit sa validasyon ng mga nalikom salawikaing. Pumili ang mamanaliksik ng tatlong pinakamatandang Tausug sa komunidad at kinapanayam niya tungkol sa angkop na kahulugan ng salawikain.

### Ang Pangangalap ng mga Datos

Bago nagsagawa ng pangangalap ng mga datos, ang mananaliksik ay bumubo ng gabay na mga tanong o questionnaire batay sa suliranin na nakalahad sa tsapter I. Pagkatapos ay pinuntahan ng mananaliksik ang key informants para kapanayamin hinggil sa salawikaing Tausug kasaman na ang mga kahulugan nito. Ang mga nakuhang datos mula sa key infromants ay idinaan sa social triangulation method na kung saan pumili ang mananaliksik ng taong pinakamatandang Tausug na may kinalaman sa paksa ng mananaliksik, dito niya pinabaledeyt ang datos.

Pagkatapos ng balidasyon ng datos, naghanda na ang mananaliksik ng tseklist kwestyoneyr para sa mga respondante. Pagkatapos ay pinuntahan na ng mananaliksik ang mga may-edad na Tausug at isa-isa niyang kinapanayam tungkol sa kanilang kaalaman sa salawikain kasama na ang kahulugan nito.

### Respondante at Lugar ng Pag-aaral

Ang magsisilbing respondante ng pag-aaral ay mga Tausug na may malawak na kaalaman sa salawikain. Saklaw ng pag-aaral ang 150 respondate. Walang basehan kung may pinag-aralan o wala ang mga respondate. Ang mahalaga ay ang kanilang kaalaman tungkol sa salawikaing Tausug.

Isinagawa ang pananaliksik sa mga lugar na may malawak na grupo ng mgaTausug na nakatira partikular na sa bayan ng Jolo at Parang.

### Sampling method

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga respondante.

### Istatistikal tool

Ginamit ang frequency count sa pagkuha ng bilang mga respondante sa partikular na suliranin at batay sa frequency hinugot naman ang porsyento nito at ang porsyento ang pinagbatayan ng ranko.

### Pag-aanalisa ng Datos

Ang mananaliksik ay gumamit ng frequency count at percentage distribution sa pag-aanalisa ng datos.

Pagkatapos kolektahin ang datos, inihanda na para sa interpretasyon at analisis nito. Ginamit ang frequency, kinuha ang bilang ng mga repondante. Batay sa frequency, hinugot naman ang laki ng porsyento, kinuha ang ranko para makita kung alin sa mga salawikain ang nararapat na isali sa pag-aaral at alin ang pinakaangkop na kahulugan at moral na balyu nito.

Ang pag-aanalisa ng datos ay ibinataynsa mga nalikom na datos mula sa respondante at pinagtibay ng mga natipong mga kaugnay na literatura at pag-aaral.

## TSAPTER IV: PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON

Sa tsapter na ito tinatalakay ang mga resulta ng pananaliksik na ito. Ang pagpapahayag o presentasyon ay alinsunod sa mga bilang ng natalang suliranin na matutunghayan sa tsapter I. Kasunod sa presentasyon ay ang mga analisis ng bawat komputasyon ng istatistiks ay ginagawang basihan sa pagbibigay ng interpretasyon upang masagot ng maayos ang bawat suliranin.

Ang unang suliraning bibigyang sagot sa pananaliksik na ito ay, ***"Ano ang mga natatangi at piling mga salawikaing Tausug ang karapat-dapat na pag-aralan at kolektahin?***

*A*ng naunang tanong sinagot ng sandaang limamput respondante ginamitan ng tseklist kwestyonir ay ***"Anong mga salawikain***

***ang iyong nalalaman?",*** ang kanilang kasagutan ay matutunghayan sa table 1.

Teybol 1. Salawikaing Tausug karapat-dapat na kolektahin at suriin ayon sa persepsyon ng mga Respondante

| Mga Salawikain | Frekwensi | Porsyento | Ranko |
|---|---|---|---|
| Marayaw mutih bukug, ayaw in tikud-tikud | 24 | 16.0 | 2nd |
| Marayaw pa tumampan subah daing sin simud manusiah | 9 | 6.0 | 8th |
| Nagbuwad sin gangu, nagbayu sin tumu. | 10 | 6.7 | 7th |
| Tiyap-tiyap sin dagat, ubus tumaub, ubus humunas | 15 | 10.0 | 5th |
| Nagkaburas langkat, nagkapatung biyukbuk | 5 | 3.3 | 10th |
| In utak asal lugud, misan hasaun dih da umuk | 8 | 5.3 | 9th |
| Wayruun asu bang wai kayu | 13 | 8.7 | 6th |
| Ayaw mangaku daug sa lugay buhi | 17 | 11.3 | 4th |
| Wairuun hipagburus in dih hipag anak | 21 | 14.0 | 3rd |
| Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan | 28 | 18.7 | 1st |
| Total | 150 | 100.0 | |

Sa teybol 1 makikita natin ang pinaka unang ranko ng salawikain na maaring pag-aralan at kolektahin ayon sa mga respondante ay ang "Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan"labing siyam na porsyento (19%) ang mga respondanteng nakakaalam ng salawikaing ito. Ang pangalawang ranko ay ang salawikaing "Marayaw muti'bukug ayaw in tikud-tikud"nalalaman ng labing anim porsyento (16 %) ng mga respondante at ang pangatlong salawikain nalalaman ng mga respondante ay, "Wayruun hipagburus in di'hipag anak"labing apat na porsyento (14%) ang nakakaalam. Ang iba pang listahan ay makikita sa teybol 1, ngunit ang pinakamababang porsyento ng respondante nakakaalam ng salawikaing "Nagkaburas langkap nagka patung biyukbuk" na lagay sa ranko pansampu at ang nakakaalam lamang ay tatlong porsyento (3 %) ng mga respondante. Dahil ang salawikaing ito ay mayroong malalim na kahulugan mahirap maintindihan ng mga lokal na residente. Ang tanging may mabuting kaalaman ay ang mga tao palaging gumagamit ng mga salawikaing ito..

Hindi tulad ng salawikaing"mamung hi ambong kan batak sin sibu'da lungagan" ito ay karaniwang ginagamit ng mga ordinaryong tao sa kanilang pag uusap. At ang salawikaing "marayaw muti bukug ayaw muti in tikud-tikud"ay karaniwang ginagamit ng mga lalaking usapan upang bigyang motibasyon ang bawat mandirigma upang makipalaban sa mga taong mananakop. Lalong lalo na noon panahon ng rebulusyon ng mga MNLF (Moro National Liberation Front) at sundalo sa panahong apat na put apat taon na ang nakakaraan. Ang pagkasikat ng salawikaing ito ay ginagamit ng bawat Tausug upang bigyang lakas ng loob ang mga kabataan sa pakikipag laban kaya maraming nakakaalam sa mga respondante.

Ang ikalawang suliraning bibigyang sagot sa pananaliksik na ito ay, ***"Ano ang kahulugan ng bawat salawikaing makokolekta?"***

Teybol 2. Ang Kahulugan ng Salawikaing Tausug karapat-dapat na kolektahin at suriin ayon sa persepsyon ng mga respondante.

| Salawikain | Kahulugan | Porsyento |
|---|---|---|
| Marayaw mutih bukug, ayaw in tikud-tikud | Mabuti pang masugatan/mamatay kaysa tumakbo sa labanan | 40% |
| Marayaw pa tumampan subah daing sin simud manusiah | Ang salita kapag nailabas na ay mahirap nang pigilin | 35% |
| Nagbuwad sin gangu, nagbayu sin tumu. | Pagtalikod sa wastong kilos at ugali ng mga nakatatanda | 44% |
| Tiyap-tiyap sin dagat, ubus tumaub, ubus humunas | Minsan ang buhay ng tao nasa itaas minsan nasa ibaba | 33% |
| Nagkaburas langkat, nagkapatung biyukbuk | Mahirap na lalong naghihirap | 44% |
| In utak asal lugud, misan hasaun dih da umuk | Tumutukoy sa taong walang pagbabago | 32% |
| Wayruun asu bang wai kayu | Hindi magkakaruun ng balita kung walang pinagmulan | 32% |
| Ayaw mangaku daug sa lugay buhi | Huwag sumuko | 53% |
| Wairuun hipagburus in dih hipag anak | Walang lihim ang hindi nabubunyag | 33% |
| Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan | Tingnan muna ang sarili bago manghusga sa iba | 66% |

Sa teybol 2 matutunghayan ang mga kahulugan ng salawikaing Tausug ayon sa pinaka maraming respondante pumili ng mga kahulugan ayon sa kanilang kaalaman. Ang salawikain, "Marayaw mutih bukug, ayaw in tikud-tikud" ay binigyang kahulugan ng pinakamataas na bilang, apat na put porsyento (40%) ng mga respondante "Mabuti pang masugatan/mamatay kaysa tumakbo sa labanan". Ang salawikaing ito ay kusang ginagamit ng mga Tausug upang tumapang ang kabataan sa kanilang kalaban. Dahil sa mga Tausug malaking kahihiyan ang tumakbo sa labanan. Kaya ang mga mandirigma ginagamit nilang isang pampalakas ng loob ang bumanggit ng salawikain mismo sa oras ng pakikipag laban. Ito ay nag bibigay tapang sa kanilang puso at kaluluwa.

Ang salawikain "Marayaw pa tumampan subah daing sin simud manusiah" binigyang kahulugan ng pinakaraming porsyento (35%) ng mga respondante "Ang salita kapag nailabas na ay mahirap nang pigilin". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang babala sa

mga tsismoso't tsismosa upang hindi magkalat ng masasamang salita. Kung minsan mayroong mga tao gustong wasakin ang buhay ng iba sa pamamagitan ng pagbubunyag ng isang masamang karanasan. Kaya ang mga nakakantada dinadaan nila ang pagpigil sa mga taong ganito ang ugali sa salawikain.

Ang salawikain "Nagbuwad sin gangu, nagbayu sin tumu" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (44%) ng mga respondante "Pagtalikod sa wastong kilos at ugali ng mga nakatatanda". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang pagsasabi tungkol sa mga paala-ala ng mga matatanda o mga magulang. Kung minsan alam na alam na masama ang isang gawain ngunit kusa nitong ginagawa upang masuway ang mga pangaral ng matatanda. Alam niya na masama o ang parusa pero gagawin pa rin upang masunod ang kanyang layaw.

Ang salawikain "Tiyap-tiyap sin dagat, ubus tumaub, ubus humunas" ay binigyang kahulugan ng pikamaraming porsyento (33%) ng mga respondante "Minsan ang buhay ng tao nasa itaas minsan nasa ibaba". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang isang paala-ala sa mga tao nawalan ng pag -asa sa buhay. Kung minsan ay gustong magpakamatay o magbigti dahil sa pagka walan ng ari-arian, pera o mga mahalagang bagay. Ang mga nakatatanda sa kanila ay magbigay ng salawikain upang matanggap ang kapalaran ng buhay. Upang mapag isipan ang buhay ay maaring masagana, maari ding mahirap kaya kailangang tanggapin ang kapalaran mula sa langit.

Ang salawikain "Nagkaburas langkat, nagkapatung biyukbuk" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (44%) ng mga respondante "Mahirap na lalong naghihirap." Ang salawikaing ito ay ginagamit sa mga taong mapangarap sa buhay ngunit hindi niya namamalayan sa kanyan paligid mayroong mga tao nangangailan ng kanyang tulong. Kaya kung siya ay magkaroon ng kasamaang palad ang sasabihin ng mga taong nangangailanga ng kanyang tulong, ngunit hindi niya binibigyang pansin ay nagka buras langkap nagka patung biyukbuk. Dinadaan sa salawikain upang sabihin naghirap ka rin.

Ang salawikaing "In utak asal lugud, misan hasaun dih da umuk" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (32%) ng mga respondante "Tumutukoy sa taong walang pagbabago". Ang salawikaing ito ay ginagamit sa paraang imosyonal ng isang tao upang sabihin sa mga kabataan matigas ang ulo upang sundin ang gintong aral. Kaya't kung sila ay hindi makinig sasabihin sa kanila in utak pundul misa hasaun di umuk. Para sa mga tao ayaw makinig sa gintong aral, kaya sasabihin sa kanila kahit anong gagawin sa taong matigas ang ulo ay walang pakikinggan, kahit mag aaral hindi pa rin maka kuha ng talino.

Ang salawikain "Wayruun asu bang wai kayu" ay binibiyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (32%) ng mga respondante "Hindi magkakaruun ng balita kung walang pinagmulan". Ang salawikaing ito ay ginagamit sa mga tao masyadong masekreto sa kanilang karangalan, kasamaan, o mga sekreto dapat itago sa publiko. Ngunit dahil mayroon din naka -alam sa kanilang sekreto maaring mag kalat parin ng balita ang mga tao. Kaya sinasabi ng mga matatanda "di bayan mag asu bang wayruun kayu", ibig sabihin hindi magkakaruun ng balita kung walang pinagmulan.

Ang salawikain "Ayaw mangaku daug sa lugay buhi" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (53) ng mga respondante "Huwag magpatalo". Ang salawikaing ito ay ginagamit kung ang isang manliligaw ay naagawan ng kasintahan. Sa kanyang pagkabigo maaring masaktan siya ng husto dahil kanyang pagmamahal sa kasintahan. Ang mga matatanda ay bibiyan siya ng payo upang magkaroon ng lakas ng loob lumaban sa suliranin kayang nakamtan. Karaniwang sinasabi ay ayaw mangaku daug sa lugay sin kabuhi. Ibig sabihin hindi basta- basta sumuko sa kanyang karapatan.

Ang salawikain "Wairuun hipagburus in dih hipag anak" ay binibigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (33%) " Walang lihim ang hindi nabubunyag". Ang salawikaing ito ay para sa mga masekretong tao, hindi basta bastang sinasabi ang kanyang sekreto. Kaya oras na lumabas sa madla, karaniwang sinasabi "asal wayroon burus di' hipag anak" ibig sabihin kahit gaano ka sekreto ay kusang malalaman ng mga tao.

Ang salawikain "Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (53) ng respondante "Tingnan muna ang sarili bago manghusga sa iba" kung minsan mayroon mga tao gustong paki alaman ang lahat ng ginagawa, kamalian o pansariling suliranin ng iba yon pala siya rin mismo ay may kasalanan ngunit hindi niya bigibigyang pangunawa. Kung minsan ay mapag alaman ng iba na siya rin ay mayroong gaoong ugali.

Ang ikatlong suliraning bibigyang sagot sa pananaliksik na ito ay, "***Anong mga moral nabalyu ang masasalamin sa salawikaing Tausug?"***

Sa teybol 3 matutunghayan ang Ang Moral na Balyu ng Salawikaing Tausug karapat dapat na pag aralan at Kolektahin ayon sa Persepsyon ng mga Respondante ayon sa pinaka maraming respondante pumili ng mga moral na balyu ayon sa kanilang kaalaman. Ang salawikain, "Marayaw mutih bukug, ayaw in tikud-tikud" ay binigyang moral na balyu ng pinakamataas na bilang, apat na put porsyento (32%) ng mga respondante "Dignidad". Ang salawikaing ito ay kusang ginagamit ng mga Tausug upang kanilang mapatatag ang dignidad ng mga Tausug lumalaban sa digmaan lalong lalo na ang kabataan sa kanilang kalaban. Dahil sa mga Tausug malaking kahihiyan ang tumakbu sa labanan. Kaya ang mga mandirigma ginagamit nilang isang pampalakas ng loob ang bumanggit ng salawikain mismo sa oras ng pakikipag laban. Ito ay nag bibigay tapang sa kanilang puso at kaluluwa.

Ang salawikain "Marayaw pa tumampan subah daing sin simud manusiah" binigyang moral na balyu ng pinakaraming porsyento (34%) ng mga respondante "Personal na Disiplina". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang babala sa mga tsismoso't tsismosa upang hindi magkalat ng masasamang salita. Kung minsan mayroong mga tao gustong wasakin ang buhay ng iba sa pamamagitan ng pagbubunyag ng isang masamang karanasan. Kaya ang mga nakakantanda dinadaan nila ang pagpigil sa mga taong ganito ang ugali sa salawikain at ito ay nagdadala ng moral na balyu personal na disiplina, sapagkat dapat lang na huwag makialam sa kapakanan ng iba kung wala kang karapatan na sabihin at sirain ang kanilang pagkatao. Ayon sa pangaral ng Propeta Mohammad

(SAW) ***huwag mong sabihin sa iba ang pagkululang ng iyong kapatid kahit pa magdadala ng kabutihan sa kanya*** (Hadith mula kay Bukhari at Muslim).

Teybol 3. Ang Moral na Balyu ng Salawikaing Tausug karapat dapat na pag aralan at Kolektahin ayon sa Persepsyon ng mga Respondante

| Salawikain | Moral na Balyu | Porsyento |
|---|---|---|
| Marayaw mutih bukug, ayaw in tikud-tikud | Dignidad | 32% |
| Marayaw pa tumampan subah daing sin simud manusiah | Personal na Disiplina | 34% |
| Nagbuwad sin gangu, nagbayu sin tumu. | Integredad | 41% |
| Tiyap-tiyap sin dagat, ubus tumaub, ubus humunas | Dignidad | 27% |
| Nagkaburas langkat, nagkapatung biyukbuk | Personal na Disiplina | 41% |
| In utak asal lugud, misan hasaun dih da umuk | Pagtitiyaga | 25% |
| Wayruun asu bang wai kayu | Personal na Disiplina | 31% |
| Ayaw mangaku daug sa lugay buhi | Pagpapahalaga sa Sarili | 26% |
| Wairuun hipagburus in dih hipag anak | Katapatan | 31% |
| Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan | Personal na Disiplina | 53% |

Ang salawikain "Nagbuwad sin gangu, nagbayu sin tumu" ay binigyang moral na balyu ng pinakamaraming porsyento (41%) ng mga respondante "Integridad". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang pagsasabi tungkol sa mga paala-ala ng mga matatanda o mga magulang. Kung minsan alam na alam na masama ang isang gawain ngunit kusa nitong ginagawa upang masuway ang mga pangaral ng matatanda. Alam niya na masama o may parusa ngunit gagawin pa rin upang masunod ang kanyang layaw. Ang salawikaing ito ay nagdadala ng moral na balyu upang hindi masira ang integridad ng mga Tausug. Ang integridad ay isang mahalagang parte ng kultura ng isang tao o ang kanyang bansa, kaya't huwag hayaang mabuwal ang integridad dahil lamang sa pansariling kapakanan. Lumalaban and isang tao hangang sa huling hininga ng kanyang buhay upang manatiling nakatayong matuwid ang integredad ng kanyang pagkatao.

Ang salawikain "Tiyap-tiyap sin dagat, ubus tumaub, ubus humunas" ay binigyang kahulugan ng pikamaraming porsyento (27%) ng mga respondante "Dignidad". Ang salawikaing ito ay ginagamit bilang isang paala-ala sa mga tao nawalan ng pag asa sa buhay. Kung minsan ay gustong magpakamatay o magbigti dahil sa pagka walan ng ari-arian, pera o mga mahalagang bagay. Ang mga nakatatanda sa kanila ay magbigay ng salawikain upang matanggap ang kapalaran ng buhay. Upang mapag isipan ang buhay ay maaring masagana, maari ding mahirap kaya kailangang tanggapin ang kapalaran mula sa langit. Ito ay nagdadala ng moral na balyu ng dignidad ng isang tao, kung minsan ay napakahalga dahil kung nawalan ng dignidad ay mawawala ang tiwala ng mga kasamahan sa bawat pasalamuha sa social na buhay. Ang dignidad ay mahalaga sa isang tao kapag ito ay nawala, mawawala na rin ang kanyang pag asa upang mapatayu ang kanyang kakayahan. Kahit mawawalan ka ng yaman huwag magnakaw at huwag kumuha ng hindi para sa iyo. Manatili kang payapa at mangumpisal dahil sinabi ng Diyos sa banal na Qur'an ***"Innallaha ma as sabirin,"*** Totoo! Ang diyos ay mapagmahal sa mga tao mapagtimpi.

Ang salawikain "Nagkaburas langkat, nagkapatung biyukbuk" ay binigyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (41%) ng mga respondante "Personal na Disiplina." Ang salawikaing ito ay ginagamit sa mga taong mapangarap sa buhay ngunit hindi niya namamalayan sa kanyan paligid mayroong mga tao nangangailangan ng kanyang tulong. Kaya kung siya ay magkaroon ng kasamaang palad ang sasabihin ng mga taong nangangailanga ng kanyang tulong, ngunit hindi niya binibigyang pansin ay *nagka buras langkap nagka patung biyukbuk*. Dinadaan sa salawikain upang sabihin naghirap ka rin. Ang salawikaing ito ay nagdadala ng moral na balyu sa personal na disiplina sa isang tao. Kung mayroong tao gustong makamit ang 'yong yaman upang sila ay matulungan gawin mo at pagbigyan mo sila. Dahil ang diyos ay nagsabi sa banal na Qur'an "Bigyan mo ang mahihirap sa kanilang panganga ilangan, gagantihan ko ang bawat yaman ginamit mo ng mas mahigit pang yaman. Ang iyong Diyos ay matatag at hindi nauubusan ng yaman."

Ang salawikaing "In utak asal lugud, misan hasaun dih da umuk" ay binigyang moral na balyu ng pinakamaraming porsyento (25%) ng mga respondante "Pagtitiyaga". Ang salawikaing ito ay ginagamit sa paraang imosyonal ng isang tao upang sabihin sa mga kabataan matigas ang ulo upang sundin ang gintong aral. Kaya't kung sila ay hindi makinig sasabihin sa kanila in utak pundul misan hasaun di umuk. Para sa mga tao ayaw making sa gintong aral, kaya sasabihin sa kanila kahit anong gagawin sa taong matigas ang ulo ay walang pakikinggan, kahit mag aaral hindi pa rin maka kuha ng talino. Ang salawikaing ito ay nagsasaad ng isang pagtitiyaga. Kahit na kulang ang iyong talino huwag kang susuko dahil isang araw bibigyan ka rin ng Diyos na mapagmahal ng sapat na talino dahil sinabi niya sa banal na Qur'an ***"Allamal insana ma lam ya'lam". Ako ang iyong Diyos nagbibigay ng ka alaman sa mga tao ng hindi nilang alam.*** Kaya sa manga Tausug sila ay hindi madaling sumuko kahit pa magpatayan. Matiyaga nilang gagawin ang paraan upang makamtan ang talino galing sa Diyos.

Ang salawikain "Wayruun asu bang wai kayu" ay binibiyang kahulugan ng pinakamaraming porsyento (31%) ng mga respondante

"Personal na Disiplina". Ang salawikaing ito ay ginagamit sa mga tao masyadong masekreto sa kanilang karangalan, kasamaan, o mga sekreto dapat itago sa publiko. Ngunit dahil mayroon din naka alam sa kanilang sekreto maaring magkalat parin ng balita ang mga tao. Kaya sinasabi ng mga matatanda "di bayan mag asu bang wayruun kayu", ibig sabihin hindi magkakaruun ng balita kung walang pinagmulan. Ang salawikain na ito ay nagdadala ng moral na balyu sa personal na disiplina. Huwag kang gumawa ng anomang masama kahit pa walang tao nakakita sa iyo dahil nakikita ka rin ng Diyos. Sinabi ng Diyos sa banal na Qur'an ***"Huwa huwa maakum ayna ma kuntum" Siya ang Diyos laging nakamasid sa iyo saan ka man naroroon."*** Kaya ang Diyos ay maari niyang ilantad ang katotohanan sa ano mang paraan maaari sa pamamagitan ng mga tao nakapaligid sa iyo. Huwag kang magtago upang gumawa ng kasalanan. Harapin mo ang katutuhanan, ikaw ay nakikita ng Diyos saan ka man naroroon.

Ang salawikain "Ayaw mangaku daug sa lugay buhi" ay binigyang moral na balyu ng pinakamaraming porsyento (26%) ng mga respondante "Pagpapahalaga sa Sarili". Ang salawikaing ito ay ginagamit kung ang isang manliligaw ay naagawan ng kasintahan. Sa kanyang pagkabigo maaring masaktan siya ng husto dahil sa kanyang pagmamahal sa kasintahan. Ang mga matatanda ay bibigyan siya ng payo upang magkaroon ng lakas ng loob lumaban sa suliranin kanyang nakamtan. Karaniwang sinasabi ay *ayaw mangaku daug sa lugay sin kabuhi*. Ibig sabihin hindi basta basta sumuko sa kanyang karapatan. Ang moral na balyu sa salawikaing ito ay pagpapahalaga sa sarili huwag magpatalo sa iba habang may buhay, may pag-asa, dahil ikaw ay tao rin may karapatan sa bawat nilalang ng Diyos sa daigdig na ito.

Ang salawikain "Wairuun hipagburus in dih hipag anak" ay binibigyang moral na balyu ng pinakamaraming porsyento (31%) "Katapatan". Ang salawikaing ito ay para sa mga masekretong tao, hindi basta bastang sinasabi ang kanyang sekreto. Kaya oras na lumabas sa madla, karaniwang sinasabi "asal wayroon burus di' hipag anak" ibig sabihin kahit gaano ka sekreto ay kusang malalaman ng mga tao. Ang salawikaing ito ay nagdadala ng mensahe sa bawat tao ay manatiling tapat huwag gumawa ng kalokohang bagay kahit sa palagay mo walanga nakaka alam dahil malalaman din isang araw at mabunyag ang iyong sekreto. Tulad ng isang babae nagdadalantao sa gusto niya o hindi lumalabas din ang kanyang tinatago sa kanyang sinapupunan. Kung may balak ka man gumawa ng karumaldumal na gawain huwag mong ituloy dahil anumang paraan ang iyong pagtatago ay lalabas din. Kaya gumawa ka ng magandang bagay upang walang mananatiling sekreto sa iyong buhay magdadala sa iyo ng kahihiyan. Datapwa't ang magandang gawain ang magdadala sa iyo ng kabansagan ng iyong kapwa.

Ang salawikain "Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da lungagan" ay binigyang moral na balyu" ng pinakamaraming porsyento (53) ng respondante "Personal na Disiplina" kung minsan mayroon mga tao gustong paki alaman ang lahat ng ginagawa, kamalian o pansariling suliranin ng iba yon pala siya rin mismo ay may kasalanan ngunit hindi niya binibigyang pangunawa. Kung minsan ay mapag alaman ng iba na siya rin ay maryroong ganoong ugali. Huwag ka munang pumintas sa ibang tao, tingnan mo muna ang iyong sarili. Gawin mo silang salamin ng iyong buhay ang nakikita mo sa kanilang masama huwag mong intindihin pero ang nakikita mong maganda siya mong gawing gintong aral at gawin sa buhay. Ang Diyos nagsabi sa banal na Qur'an ***gawin niyo ang mga gawaing pinakita sa inyo ng iyong propeta at huwag ninyong gawin ang pinagbabawal niya sa inyo. Dahil nasa kanya ang pinaka mabuting uri ng magandang aral."***

Ang ikapat na suliraning bibigayang sagot sa pananaliksik na ito ay, ***"May kaugnayan ba ang salawikain sa masining na pagpapahayag pasulat man at pasalita?"***

Ang tanong binigyang sagot ng mga respondante sa pananaliksik na ito ay "**Ano ang kaugnayan ng salawikain sa masining na pagpapahayag pasulat man at pasalita?"** Ang porcento ng mga taong sumagot ay matutunghayan sa teybol 4.

Teybol 4. Kaugnayan ng Salawikain sa Masining na Pagpapahayag Pasulat at Pasalita ayon sa Persepsyon ng Respondante.

| Kaugnayan | Frekwensi | Porsyento | Ranko |
|---|---|---|---|
| Nagiging palamuti sa wika | 43 | 28.7 | 2nd |
| Nagpapayaman sa bukabularyo/talasalitaan ng isang wika | 18 | 12.0 | 4th |
| Nagiging kaakit-akit at maganda ang pagpapahayag | 47 | 31.3 | 1st |
| Nagpapatalas ng isipan | 10 | 6.7 | 5th |
| Nagpapatibay ng pahayag | 7 | 4.7 | 6th |
| Ang ganda ng pahayag ay sa pamamagitan ng paggamit ng salawikain | 25 | 16.7 | 3rd |
| Total | 150 | 100.0 | |

Makikita sa teybol 4 ang porsyento at ranko ng mga respondante tungko sa kaugnayan ng salawikain sa masining na pagpapahayag pasulat man at pasalita. Ayon sa pinakamaraming respondante (31%) nabibilang sa pangunahing ranko, ang salawikain ay kaugnay sa nagiging kaakit-akit at maganda ang pagpapahayag. Ang pangalawang ranko ay (29%) ng respondante nagsasaad na ang salawikain ay nagiging palamuti sa wika. Ang pangatlong ranko (17%) ng mga respondante ay nagssaad na ang kagandahan ng pahayag ay sa pamamagitan ng paggamit ng salawikain. Ang panga apat na ranko (12 %) ng mga respondante ay nagsasaad na ang salawikain ay nagpapayaman sa bukabularyo/talasalitaan ng isang wika. Ang panglimang ranko (7%) ng mga repondante ay naniniwala na ang salawikain ay nagpapatalas ng isipan. At ang pang anim na ranko (5 %) ng mga respondante ay naniniwala na ang salawikain ay nagpapatibay ng pahayag.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapatibay na ang salawikain ay kaugnay sa pansining na pagpapahayag pasalita man o pasulat. Ayon sa mga respondante ang kaugnayan ng salawikain sa pasining na pagpapahayag pasalita man o pasulat ito ay nagpapaganda at magiging kaakit-akit ang pagpapahayag sa paraang paggamit ng salawikain.

## TSAPTER V: BOUD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng lagom o buod ng pag-aaral, mga konklusyon nabuo mula sa resulta ng pag-aaral at mga rekomendasyon na naghahayag ng suhestiyon kaugnay sa pag-aaral na isinagawa.

### Buod

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang "Pangongolekta, Pagsusuring Pangnilalaman at Balyu Analisis ng mga Salawikaing Tausug." Nilalayon nitong makolekta ang mga piling salawikain ng mga Tausug para sa pagpaparami at preserbasyon ng mga salawikain. Minimithi din itong magamit bilang pantulong na kagamitan pampagtuturo sa pagtuturo ng asignaturang panitikan at iba pang asignatura na may kaugnayan sa salawikain.

Ang mga sumusunod na suliranin ay ang naging gabay ng mananaliksik sa pagsagawa ng kanyang pag-aaral:

Anong mga piling salawikaing Tausug ang karapat-dapat na pag-aralan at kolektahin? Anong kahulugan ng bawat salawikain na makokolekta? Anong mga moral na balyu ang maaring makuha mula sa mga salwikain? At ano ang kaugnayan ng salawikain sa kasiningan ng pagpapahayag, pasulat man at maging pasalita?

Ginamit ang descriptive-qualitative bilang disenyo ng pag-aaral. Interbyu at tseklist kwestyonir ang instrumentong ginamit sa pangangalap ng mga datos. Tinipon ang mga salawikain mula sa key informants, pinagtibay ng social triangulation method at sinagutan ang tseklist kwestyoner ng 150 bilang ng mga respondante. Mga may-edad na Tausug sa lugar ng Jolo at Parang ang nagsilbing respondante ng pananaliksik.

Ang istatistikal tool na ginamit ay frequency count at percentage distribution sa pag-aanalisa at pagsusuri ng mga datos na nalikom mula sa respondante.

Ang bawat suliranin ay iprenesenta sa bawat teybol na kung saan makikita ang mga datos na nalikom. Sa teybol 1 makikita ang mga nakolektang salawikaing na kung saan ang salawikaing **Mamung hi ambung kan batak sin sibuh da aun lungag**, ang may pinakamataas (19%) na porsyento ng nakakaalam.

Sa ikalawang teybol naman makikita ang kahulugan ng bawat salawikain na nakolekta mula sa mga respondante at sa ikatlong teybol naman ang moral na balyu na nahugot sa mga salawikain. Ang mga balyung nahugot ay katulad ng katapatan, integredad, personal na disiplina at iba pa.

Sa pang-apat na teybol makikita an gang kaugnayan ng salawikain sa kasiningan ng pagpapahayag. Ang may pinamalaking porsyento (30%) ay ang **nagiging kaakit-akit at maganda ang pagpapahayag pag ginamitan ng salawikain.**

### Konklusyon

Mula sa isinagawang pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang mga Tausug ay mayaman sa salawikain na nakaimbak sa puso't isipan ng mga Tausug. Ang mga salawikaing ito ay kusang dumadaloy sa kanilang pananalita. Nagpapakita ito na katulad ng ibang tribo ang mga Tausug ay mayaman sa sariling panitikan.

Ang mga salawikaing ito ay natatangi dahil sa panitikan ng Tausug lamang matatagpuan. Nabuo ang mga salawikaing ito mula sa karanasan ng mga sinaunang ninuno at naisalin hanggang sa kasalukuyang panahon dahil sa bisa ng pasalin-dilang panitikan.

Ang bawat salawikain ay naglalaman ng mga napakagandang kahulugan, ngunit ang kahulugan nito ay iba-iba dahil sa iba't ibang persepsyon, karanasan at pang-unawa ng mga tao.

Nagtataglay ang salawikain ng malalim na kahulugan kaya mahirap tukuyin ang nilalaman nito.

Maliban sa kahulugan, hitik din sa moral balyu ang salawikaing Tausug. Ang mga moral na balyu na tinataglay ng salawikain, katulad ng personal na disiplina, pagkakaroon ng integredad at iba ay ilan sa mga dahilan kaya ang salawikain ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng kagandahang asal at wastong pag-uugali lalo na sa mga nakalilimot ng ugali ng mga nakatatanda. Salawikain ay isa sa pinakamabisang panturo sa mga tao dahil ang aral nito ay may malaking kaugnayan din sa relihiyong niyayakap ng may nakararaming bilang ng mga Tausug ang relihiyong Islam.

May malaking kaugnayan din ang salawikain sa kasiningan ng pagpapahayag. Kinahihiligang gamitin ang salawikain ayon na rin sa mga respondante ay dahil sa nagsisilbing itong palamuti sa wika. Dumaragdag din ito sa kagandahan ng pagpapahayag. Kaaya-ayang pakinggan ang pahayag kapag ginagamitan ng salawikain.

### Rekomendasyon

Batay sa nabuong konklusyon, nagkaroon ng mga sumusunod na konklusyon:

Ipagpapatuloy ang pag-aaral lalong-lalo na sa lokal na panitikan dahil nag-aantay lamang kolektahin ang mga yamang ito upang mapreserba para sa susunod na henerasyon.

Magkaroon ng integrasyon ng sariling panitikan sa pambansang literature para hindi tuluyag mawala ang lokal na panitikan at madama ng mga Tausug kung gaano kayaman ang ating tribo sa panitikan.

Pagtuunan ng pansin ang pangongolekta ng mga salawikaing Tausug para mas dumami pa ang koleksyon nito at tuluyang maisa-

aklat.
Higit na mainam kung ang mga nakolektang salawikain ay maisalin sa wikang Ingles at Filipino.

BIBLIYOGRAPIYA

Alejandro, Rufino. 1972. Sining at Pammaaraan ng Pag-aaral ng Panitikan. Manila: Philippine Publishing Inc.

Arrogante, Jose A. 1991. Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Pilipino. Manila. National Book Book Company.
Carunungan, Al C. 1966. Panorama of Literature for Filipinos. Quezon City: JMC Press, Inc.

Dundes Alan. 1968. Oral Literature. An Introduction to Cultural Anthropology. Ed. James A. Clifton Boston: Houghton Muffin Company.

Eugenio, Damaiana L. 2002. Philippine Folk Literature: The Proverbs. Quezon City: University Of the Philippines.

Eugenio, Damiana L. 1982. Philippine Folk Literature: An Anthology. Quezon City: Folklore Study Program.

Garcia, Alipio M. et al. 2007. Research for All Discipline. Valenzuela City. Mega-Jesta Prints, Inc.

Hernandez, Amado. 1961. Isang Dipang Langit. Manila. Tamaraw Publishing Corp.

Leticia, Pagkalinawan C. et al. 2006. Panitikan sa Iba't Ibang Rehiyon. Valenzuela City: Mutya

Lumbera, Bienvenido. 1982. Philippine Literature: A history and Anthology. Valenzuela City.

Macaraig, M. (1997). Sulyap sa Panulaang Filipino: Isang Pagpapahalaga. Manila.

Ma. Gabriel, Lamberto. 1986. Sining at Agham sa Pagtula. Mandaluyong City: National Book National Book Store, Inc.

Nicasio, Paz N. 1994. Diksyunaryo Filipino. Paranaque City: Jave Publishing House Inc.

Nicasio, Paz N. 1974. Sariling Panitikan. Manila. Rex Book Store.

Panganiban, Jose Villa. 1954. Panitikan ng Pilipinas. Quezon City: Philippine Textbook Store.

Panganiban, Jose Villa. et al. 1998. Panitikan ng Pilipinas. Manila. Rex Book Store.

Ramos Maria S. et al. 1984. Ang Panitikang Pilipino. Quezon City: Katha Publishing, Inc.

Salazar, Lucila A. 1995. Panitikang Pilipino. Quezon City: Katha Publishing, Inc.

Sauco, Consolacion P. et al. 1990. Biyaya ng Panitikan. Metro Manila. National Book Store, Inc.

Tumangan, Alcomtiser. et al. 1990. Panitikan ng Pilipinas para sa Kolehiyo. Metro Manila. University of the Philippine Press.

Villafuerte, Patrociano V . 2008. Panitikan ng Pilipinas. Valenzuela City. Mutya Publishing Inc.

Villafuerte, Patrociano V. 2000. Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas. Valenzuela City. Mutya Publishing Inc.

**Tesis**

Cabanlong, Araceli S. 2002. Ang Epikong Parrang Sabil: Isang Pagsasalin at Balyu Analisis. Dinalathalang Disertasyon. Zambo City. Ateneo de Zamboanga.

Gonsang, Shandra C. 1996. Tutudlan: Paglilikom, Transkripsyon at Pagsasalin sa Siyam na Kwentong Bayan ng mga Maguindanaon. Di-nalathalang tesis. Pamantasan De la Salle.

Mercado, Nora M. 1963. A Study of Sulu Ballad. Di-nalathalang Tesis. Siliman University: Dumaguete City.

Tuban, Ma Rita C. 1977. Tausug Literature. Di-nalathalang Tesis. U.P: Quezon City.

**Mga Sangguniang Elektroniko**

http://tl.wikipedia.org/wiki/SalawikainRCE
http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=10_Makulay_na_Salawikaing_Filipino_ukol_sa_Kagandahan
http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_kahulugan_ng_salawikain
http://filipinotagalog.blogspot.com/2010/01/salawikain-at-ang-halimbawa-nito.html#.Up0hTtJgcrU

---

**Publisher's note:** Instabright International Guild of Researchers and Educators, Inc. remains neutral with regard to jurisdictional claims in published maps and institutional affiliations.

**Open Access** This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License, which permits use, sharing, adaptation, distribution and reproduction in any medium or format, as long as you give appropriate credit to the original author(s) and the source, provide a link to the Creative Commons license and indicate if changes were made. The images or other third-party material in this article are included in the article's Creative Commons license, unless indicated otherwise in a credit line to the material. If material is not included in the article's Creative Commons license and your intended use is not permitted by statutory regulation or exceeds the permitted use, you will need to obtain permission directly from the copyright holder. To view a copy of this license, visit http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/.

© The Author(s) 2020.